Memorandum

Para sa: Komiteng Rehiyon, mga komiteng probinsyal at distrito sa ilalim ng KR-GL

Mula sa: KTKS

Paksa: Paglilinaw sa pambansang patakaran kaugnay ng LPO-Magsasaka

Petsa:

---

Ginagawa ng KTKS ang paglilinaw na ito matapos talikuran ng mga paksyunalista sa rehiyon ang nauna nilang pagtanggap na mali ang kanilang konsepto ng LPO-Magsasaka, gayundin ang kanilang pakikipag-isa sa sentral na pamunuan ng Partido sa pagtataguyod sa pambansang patakaran kaugnay ng LPO-Magsasaka. Patuloy nilang ipinagtatanggol at ikinakampanya ang kanilang maling konsepto ng LPO-Magsasaka.

Ang nabanggit na konsepto ng LPO-Magsasaka na mayroong buo at kumpletong istruktura hanggang antas baryo ay dati nang ipinanukala ng kontrarebolusyonaryong taksil na si Manuel Peña (alias Taning) ng dating NPS sa katwirang kailangan ang “sariling dinamismo” ng LPO-Magsasaka. Sa kalaunan, nalantad ang panukala bilang bahagi ng pakana para sa insureksyunistang pag-aalsang magbubukid. Sa panukala ni Pena, ang LPO-Magsasaka na may “sariling dinamismo” ang tatayong sentral na makinarya para sanayin diumano ang baseng masa sa kanayunan sa mga hayag na kumprontasyon at ihanda sila sa pag-aalsa.

Pinuna ng KTKS ang binalangkas na programa ng KR-GL (Nobyembre 1994-Nobyembre 1996) na nagtakda ng pagbubuo ng kumpletong istruktura ng LPO-magsasaka mula sa antas ng rehiyon hanggang sa antas ng mga baryong saklaw ng mga larangang gerilya para diumano “buuin ang sariling dinamismo” ng LPO-Magsasaka sa rehiyon. Sa pagpapaliwanagan, inamin ng mga kasama sa KTKR-GL na hindi naging malinaw sa kanila ang pambansang patakaran (na ibinaba noon pang 1985, at muling inulit sa dokumentong *Mga Tungkulin sa Dekadang Nubenta noong 1990.*) at naging makitid at makaisang-panig ang kanilang pag-unawa sa mga ligal na taktika ng pag-oorganisa sa mga baryo nang ilimita iyon sa balangkas lamang ng LPO-Magsasaka.

Subalit sa pagputok ng lantad na gawaing paksyunal, muling ikinakampanya ng mga paksyunalista ang kanilang dati at maling konsepto ng LPO-Magsasaka. Hindi maikakailang ito ay nakaugnay sa kanilang pagtatanggol sa lihis na linyang SCO at sa semiligal na pormasyon at pamamaraan ng pag-oorganisa bilang pangunahing anyo ng pormasyon at pamamaraan ng pag-oorganisa sa rehiyon (“*modelong SL[semilegal] ang angkop sa CL*”).

Dapat linawin sa lahat ng pwersa sa rehiyon ang pambansang patakaran kaugnay ng LPO-Magsasaka at bakit mali ang itinakda ng programa ng KR-GL (Nobyembre 1994-Nobyembre 1996.)

Ang ipinagtatanggol na patakaran sa LPO-Magsasaka ng mga paksyunalista ay isang patakaran ng buung-buong paglalantad sa kaaway ng baseng masa ng mga larangang gerilya sa rehiyon na maglalagay sa kanila sa lubhang bulnerableng katayuan sa pasistang atake ng kaaway. Kinakaligtaan nito na ang pangunahing katangian ng baseng masa sa mga larangang gerilya ay hindi ligal kundi iligal, bilang baseng masa ng armadong pakikibaka sa rehiyon.

Ang konsepto ng LPO-Magsasaka na may kumpletong istruktura hanggang antas baryo ay humahatak pabaligtad sa wastong relasyon ng ligal at iligal na organisasyon at pakikibaka sa kanayunan. Ang ligal ay dapat nagsisilbing payong at suplementaryo lamang sa pangunahing iligal na organisasyon at mga aktibidad sa mga larangang gerilya. Pero ang gusto ng mga paksyunalista ay gawing sentral na organisasyon at pokus ng mga aktibidad sa baryo ang balangay ng LPO-Magsasaka. Para sa kanila, ang iligal (kung hindi pa tuluyang malulusaw) ay magsisilbing bag-as ng ligal at maglilingkod lamang sa pagsusulong ng huli.

Sa konsepto ng mga ligal na taktikang limitado sa balangkas ng LPO-Magsasaka, nakakalimutan ang pangangailangang paunlarin ang maraming tipo ng mga tradisyunal na organisasyon sa mga baryo upang maging mabisang kublihan ng mga iligal na pagkilos, palaparin ang maniobrahan ng baseng masa at kung angkop at kinakailangan ay magsilbi ring daluyan ng mga pakikibakang lokal at ligal sa mga baryo.

Demagohikong binabaluktot ng mga paksyunalista ang pambansang patakaran at pinalilitaw na pagtalikod ito sa paggamit ng mga ligal na anyo ng organisasyon at paglusaw sa LPO-Magsasaka at iba pang ligal at hayag na pormasyon. Pero paulit-ulit na nililinaw ng Partido ang patakarang gamitin ang mga taktikang ligal at malaligal sa kanayunan. Ang taktikang ito ay hindi rin inililimita sa balangkas lamang ng LPO-Magsasaka. Kailangan ang maksimum na pagpapaunlad at pagkukumbina ng mga anyo at pamamaraang ligal, malaligal at iligal para isulong ang kilusang pangunahi'y armado at iligal. Saklaw nito ang pagtatayo o pagtatransporma ng mga tradisyunal at iba pang tipo ng organisasyon na mabisang nagiging kublihan ng mga iligal na pagkilos at hindi basta-basta nasusupil ng kaaway dahil sa mga kunsiderasyong pulitikal. Saklaw din nito ang pagbubuo ng mga organisasyong magbubukid na nagtatamasa ng malawak na simpatiya mula sa kalunsuran at mga panggitnang pwersa, at ang iba't ibang antas ng pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan ng mga iligal na organisasyon sa LPO-Magsasaka.

Itinatayo natin ang LPO-Magsasaka bilang isang alyansa ng mga organisasyong magbubukid, na nasa kalunsuran ang sentro ng operasyon (ika-9 na Plenum ng KS; "*Mga Tungkulin ng Kilusang Magbubukid sa sa Dekadang Nubenta*"). Tungkulin nitong

- pasiglahin ang propaganda-edukasyon kaugnay ng mga isyu at pakikibakang magbubukid;
- itaguyod sa larangang ligal ang mga antipyudal na isyu at pakikibakang masa na nakasentro sa paglalantad sa reaksyunaryong gubyerno, malalaking panginoong maylupa, imperyalismo at mga patakaran at programa nila;
- iugnay ang kilusang magbubukid sa hayag na kilusang demokratiko sa kalunsuran; at
- abutin ang masang nasa mga bahaging hindi pa nasasaklaw ng mga larangang gerilya.

(Bagamat kaugnay ng huli, hindi laging angkop na taktika sa pagbubukas ng mga bagong erya ang paglapit sa pamamagitan ng LPO-Magsasaka.) Ang mga tungkuling inihanay sa itaas ay pawang naglilingkod at suplementaryo sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo at armadong pakikibaka sa kanayunan.

Ang istruktura ng LPO ay malinaw mula pambansa hanggang antas probinsya at walang depinidong hugis o iregular pagdating sa antas ng bayan at baryo. Sa pangkalahatan, hindi na itinatayo ang buong istrukturang ligal sa antas bayan at baryo sa saklaw ng mga larangang gerilya. Ang mga tradisyunal na organisasyong nabuo o naitransporma sa mga bayan at baryo ay maaari pero hindi obligadong palaging mag-establisa ng maluwag na ugnayan sa LPO-Magsasaka sa antas probinsya at rehiyon. Pinatunayan din ng mga karanasan na uubra sa mga partikular na kaso ang pagtatayo ng minimum na istruktura ng LPO-Magsasaka sa antas ng bayan (para sa koordinasyon at propaganda). Maaari din sa ilang mas piling kaso, sa mga puting purok na matagal pa bago masaklaw ng sonang gerilya o mga lugar na may partikular na laban sa hayag na nauna nang nabuksan at napamunuan sa pamamagitan ng LPO-Magsasaka, ang pagtatayo ng mas kumpletong istruktura ng LPO.

Ang pambansang patakaran sa LPO-Magsasaka ay nakabatay sa mga leksyon sa nakaraan na pinagbayaran ng dugo. Naranasan natin kung paanong pininsala ng matinding pasistang pananalakay ang baseng masa sa isang sonang gerilya nang ibinuslo sa iisang basket ang ating baseng masa sa kanayunan (nagsanib sa iisang istruktura ang lihim at ligal). Naranasan din natin kung paanong ang mga organisasyong lihim ay nahatak sa balangkas na ligal nang pinairal hanggang baryo ang kumpletong istruktura ng ilang LPO na nasa upisina sa kalunsuran ang

kumand. Naranasan din natin kung paanong ang baseng masa sa sonang gerilya na baseng masa rin ng mga LPO sa antas bayan ay naging target ng matinding pasistang pananalasa. Doon, ang ligal na LPO ay hayagang nakikipagtransaksyon kaugnay ng mga ilegal na patakaran na dapat pinapairal ng ilegal na organisasyon ng kapangyarihang pampulitika sa lugar. Tandaan din ang karanasan sa Oplan Phoenix ng CIA sa Vietnam kung saan tinukoy at sinalanta ang baseng erya at mga susing masa sa pamamagitan ng mga ligal na organisasyong para diumano sa reporma sa lupa.

Sa proseso ng pakikipaglinawan ng KTKS sa KTKR pinansin din ng KTKS ang pagdidispusisyon ng malaking bilang ng mga buong-panahong pwersa sa LPO-Magsasaka sa isang probinsya ng GL gayong kapos na kapos ang bilang ng buong-panahong pwersang kumikilos sa sona. Pangkalahatang patakaran ng Partido na kung mayroong mga pwersa mula sa ligal na handa nang kumilos nang buong panahon sa kanayunan, dapat bigyan ng prayoridad ang pagtatalaga sa kanila sa sonang gerilya sa halip na sa gawaing ligal.

Nota:

Ang LPO-Magsasaka ay tumutukoy sa ligal na pampulitikang organisasyong magsasaka o sa hayag na sentrong magbubukid na nakatayo ngayon sa pambansang antas.